

PIVOT^{4A}

LEARNER'S MATERIAL

GRADE 2 - Araling Panlipunan



QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

Araling Panlipunan

Ikalawang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Jessa Mae F. Santos
Content Creator & Writer

Jaypee E. Lopo
Internal Reviewer & Editor

Lhovie A. Cauilan, Jael Faith T. Ledesma, Jayson K. Latade & Harold Monzon
Layout Artist & Illustrators

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Ephraim L. Gibas
IT & Logistics

Maria Christina A. Pangan, Komisyon sa Wikang Filipino
External Reviewer & Language Editor

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**





PIVOT 4A CALABARZON AP G2

Ang Maipagmamalaking Likas na Yaman ng Aming Komunidad

Aralin

I

Sa aralin na ito, mauunawaan mo ang mga likas-yaman ng komunidad. Magkakaroon ka rin ng kaalaman sa mga produkto at hanapbuhay mula sa likas-yaman ng iyong komunidad.



Ang mga bagay sa ating paligid na bahagi ng kalikasan ay tinatawag na likas na yaman. Ito ay maaaring magamit ng mga tao para sa kanilang kapakinabangan. Dito nagmumula ang mga pangunahing pangangailangan ng tao tulad ng damit, pagkain, at tirahan.

Karamihan sa mga likas-yaman ay nagmumula sa mga anyong-lupa o yamang-lupa at anyong-tubig o yamang-tubig. Mayroon ding likas na yaman na tinatawag na yamang-tao.


Sa ating anyong-lupa matatagpuan ang napakaraming halaman at puno na puwede nating itanim. Angkop din dito ang pag-aalaga at pagpaparami ng mga hayop. May mga komunidad na may anyong-lupa tulad ng bundok, kapatagan, lambak, at talampas. Dito natin napapakinabangan ang mga yamang-lupa. Sa mga komunidad na sagana sa yamang-lupa karaniwang hanapbuhay ng mga tao ang pagsasaka at pag-aalaga ng hayop.

Ang mga komunidad naman na may anyong-tubig na sagana sa yamang-dagat. Sa mga anyong-tubig natin nakukuha ang iba't ibang uri ng isda, halamang-dagat, at iba pang yaman na matatagpuan sa karagatan. Pangunahing hanapbuhay ng mga komunidad na may yamang-tubig ay ang pangingisda. Bukod dito ang mga komunidad na may yamang-tubig ay kilala rin sa kanilang magagandang **beach** na siya namang dinarayo ng mga turista.

Natatangi rin ang mga komunidad na may masisipag, matatalino, at malilikhaing mamamayan. Ang mga ito ay tinatawag na yamang-tao. Ang mga yamang-lupa at yamang-tubig ay napakikinabangan dahil sa mga taong naglililang at nangangalaga sa mga ito. Mayroon din mga kasapi ng komunidad na lumililang ng mga likas na yaman upang bumuo ng bagong produkto. And ilan sa mga ito ay ang karpintero at inhenyero na bumubuo ng gusali at mananahi na lumilikha ng damit. May mga kasapi din ng komunidad na ang tungkulin ay maglingkod sa mga tao tulad ng guro, doktor, at pulis.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang YL kung ang sumusunod na larawan ay nabibilang sa yamang-lupa at YT naman kung ito ay nabibilang sa yamang-tubig. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa kahon ang mga salitang kabilang sa mga pangkat ng likas-yaman. Isulat ito sa tamang pangkat na kinabibilangan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A. Yamang-lupa

B. Yamang-tubig

C. Yamang-tao

Kabibe	sapatero	pulis	punongkahoy
halaman	kambing	guro	Abogado beach

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Kapanayamin ang isang nakatatandang miyembro ng inyong pamilya o kakilala. Punan ang hinihinging impormasyon sa mga pangungusap at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. .

Ako si _____. Ako ay _____ taong gulang. Ang hanapbuhay ng aking ama ay _____. Ang hanapbuhay naman ng aking ina ay _____. Sa aming komunidad, matatagpuan ang mga likas na yaman tulad ng _____.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa iyong sagutang papel ang likas-yaman na matatagpuan sa inyong komunidad. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ipikit ang iyong mga mata at isipin ang iyong sarili makalipas ang dalawampung taon. Anong yamang-tao sa inyong komunidad ang nais mong maging kapag ikaw ay nasa wastong gulang na at bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

--

A

Punan ang patlang ng wastong salita/konsepto upang mabuo ang diwa ng pangungusap tungkol sa aralin.

Ang mga _____ sa ating komunidad ay pinagmumulan ng iba't ibang _____ at hanapbuhay. Ang mga ito ay nakatutulong sa pagsulong sa magandang buhay ng mga mamamayan sa komunidad. Kung kaya't nararapat lamang na ating _____ ang mga likas na yaman sa ating komunidad.

produkto

pangalagaan


likas na yaman

Mga Kalagayan at Suliraning Pangkapaligiran sa Aming Komunidad

Aralin

I

Sa aralin na ito, mailalarawan mo ang kalagayan at mga suliraning pangkapaligiran ng inyong komunidad.



Ano ang napansin mo sa larawan?

Makikita mo rito kung paano nililinig ng tao ang likas-yaman na matatagpuan sa ating mga komunidad.

Sa pagdami ng tao sa buong mundo, tumataas din ang pangangailangan ng tao sa likas na yaman. Dahil sa hindi wastong paggamit ng ating likas na yaman at kawalan ng disiplina sa pag-aalaga ng ating kapaligiran ay unti-unting nasisira ang mga likas na yaman sa ating komunidad.

Ang suliraning pangkapaligiran ay ang problema na tumutukoy sa pagkasira ng kaayusan ng kapaligiran. Ang ilan sa mga suliraning pangkapaligiran ay ang sumusunod:

- **Desertification** o pagkatuyo ng lupa sa mga kagubatan;
- Polusyon sa hangin at tubig;
- Problema sa basura;
- **Deforestation** o pagkaubos ng puno sa kagubatan; at
- **Climate change** o ang pagbabago ng klima sa buong mundo.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iguhit  ang kung ang pahayag ay tama at  kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Hindi dapat linangin ang likas na yaman upang mapangalagaan ang kapaligiran.

_____ 2. Ang mga mamamayan ng komunidad ay may tungkulin na pangalagaan ang kapaligiran.

_____ 3. Ang maling paggamit ng likas na yaman ay magdudulot ng iba't ibang suliraning pangkapaligiran.

_____ 4. Ang pamahalaan at mga pribadong organisasyon lamang ang dapat mangalaga sa kalikasan.

_____ 5. Ang polusyon at pagkasira ng kagubatan ay dulot ng di wastong paggamit ng likas na yaman.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tingnan at suriin ang mga larawan. Piliin sa kahon kung anong uri ng suliraning pangkapaligiran ang mga nasa larawan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Problema sa basura


Polusyon sa Hangin

Desertification


Polusyon sa tubig

Deforestation

1.




2.




3.



4.



5.


E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Isulat sa loob ng kahon ang mga suliraning pangkapaligiran na nakikita mo sa inyong komunidad. Gawin ito sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa iyong sagutang papel ang isang suliraning pangkapaligiran na nakikita mo sa inyong komunidad.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa isang sagutang papel ang isang malinis na kalikasan.

A

Ang suliraning pangkapaligiran ay dinaranas hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Ginagawa ng pamahalaan at ng iba pang organisasyon ang kanilang makakaya upang matugunan ang mga hamong ito. Kaya naman, bilang isang mag-aaral at miyembro ng komunidad inaasahan mula sa iyo ang maging isang responsableng tagapangalaga ng kapaligiran. Inaasahan kang maging handa dahil magmumula sa iyong sarili at henerasyon ang tunay na pagbabago.

Sama-sama sa Pangangalaga sa Likas na Yaman


WEEK

3



Aralin

Sa aralin na ito, malalaman mo ang kahalagahan ng pangangalaga sa likas na yaman at ang pagpapanatili ng kalinisan sa inyong komunidad.



Ang mga likas yaman ay mahalaga sa ating komunidad. Dito nagmumula ang ating hanapbuhay. Ngunit dahil sa araw-araw nating paggamit sa mga likas na yaman ay unti-unti natin itong napapabayaan at nasisira.

Ang pagkasira ng likas na yaman ay dulot ng iba't—ibang dahilan tulad ng sumusunod:

- Pagmimina at pagtotroso nang illegal sa mga kabundukan;
- Pagkakaingin ng mga kagubatan upang gawing lupang sakahan o pagtayuan ng mga subdibisyon;
- Panghuhuli sa maliliit na isda kaya nawawalan ng pagkakataon ang mga ito upang muling magparami; at
- Pagtatapon ng basura kung saan-saan lalo na sa mga ilog at iba pang daluyan ng tubig.

Maraming masamang maidudulot ang labis na pag-abuso sa likas na yaman. Kabilang na dito ang pagguho ng lupa dahil sa walang tigil na pagpuputol ng mga puno sa kagubatan. Ang mga basura ang pangunahing dahilan kung bakit madalas ang pagbaha sa iba't ibang parte ng bansa. Ang mga basura naman na napupunta sa karagatan ay nakasasama sa mga isda at iba pang lamang-dagat.

Lahat tayo ay may magagawa upang mapangalagaan ang likas na yaman at mapanatili ang kalinisan ng ating komunidad. Malaking tulong sa pagbabawas ng basura sa paligid ang pagse-**segregate** o paghihiwa-hiwalay ng mga basura. Sa pamamagitan nito ay naihihiwalay ang mga basurang nabubulok sa mga basurang hindi nabubulok. Ang mga basura tulad ng balat ng prutas, balat ng gulay, at dumi ng hayop ay maaring gawing pataba ng lupa. Ang mga basura naman na hindi nabubulok ngunit pwede pang pakinabangan tulad ng bote, papel, at plastic ay maaring ipagbili sa **junk shop** upang i-**recycle**.


Bawat isa sa atin ay may responsibilidad na pangalagaan ang kapaligiran.

D


Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat sa patlang ang salitang **TAMA** kung ang sumusunod na pahayag ay tama, at **MALI** naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Pagtatapon ng basura sa ilog.
- _____ 2. Pagtatanim ng mga bagong puno sa kagubatan.
- _____ 3. Paggamit ng dinamita sa pangingisda.
- _____ 4. Paglilinis ng kapaligiran sa komunidad.
- _____ 5. Paggawa ng pataba mula sa mga nabubulok na basura.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Suriin at pagaralan ang mga larawan. Iguhit ang 😊 kung ito ay tama at ☹ kung ito ay mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Piliin sa Hanay B ang magiging epekto ng mga larawan sa Hanay A. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




4.



D.



5.



E.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gumuhit ng isang bituin. Isulat sa loob nito ang mga paraan na magagawa mo upang mapangalagaan ang likas-yaman sa inyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gamit ang iyong lapis iguhit sa iyong sagutang papel ang likas-yaman na nakikita mo sa inyong komunidad.

A

Punan ang patlang ng wastong salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap tungkol sa aralin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ginagawa ng pamahalaan at ng iba pang organisasyon ang makakaya upang matugunan ang mga suliraning pangkapaligiran. Kaya naman, bilang isang _____ at miyembro ng komunidad inaasahan sa iyo na maging _____ tagapangalaga ng _____.

responsableng

kapaligiran


mag-aaral

Kapaligiran Aking Pangangalagaan

Aralin



Sa aralin na ito, tatalakayin natin ang mga paraan na maaari mong gawin upang mapangalagaan ang kapaligiran.



Pagmasdan mo ang nasa larawan. Hindi ba't mas magandang tumira sa isang komunidad na may malinis at maaliwalas na kapaligiran? Ang pag-aalaga sa kapaligiran ay tungkulin ng lahat ng tao. Ang ilan sa mga paraan na maaari mong gawin upang mapangalagaan ang ating kapaligiran ay ang sumusunod:

- Sa inyong bahay at paaralan, huwag magkalat kung saan-saan;
- Itapon ang basura sa tamang basurahan;
- Tumulong sa paglilinis ng iyong kapaligiran, sa inyong tahanan man o paaralan;
- Huwag kalimutan isagawa ang **reuse**, **reduce**, at **recycle**. Ito ay isang paraan upang ang basura ay mabawasan;
- Hindi dapat magsunog ng basura upang ang hangin natin ay hindi maging marumi;

- Hindi rin dapat magtapon ng basura sa ilog upang ang tubig ay hindi dumumi;
- Maging matipid sa paggamit ng tubig at pagkain ng sapat;
- Ang **tv, computer** at ilaw ay patayin kung hindi naman ito ginagamit;
- Kung malapit lang din naman ang iyong pupuntahan, sa halip na sumakay ay maglakad na lamang. Nakatutulong ito hindi lamang sa kalikasan kundi pati sa iyong kalusugan; at
- Magtanim ng puno at halaman sa ating kapaligiran.


Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito mas lalong mapagaganda ang ating kapaligiran.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay tama at MALI naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.


- _____ 1. Ang paglilinis ng kapaligiran ay nakatutulong na pagandahin ating kalikasan.
- _____ 2. Ang malinis na kapaligiran ay mabuti sa ating kalusugan.
- _____ 3. Ang pangangalaga sa kalikasan ay nagsisimula sa sarili.
- _____ 4. Ang mga bata ay walang magagawa sa pag-aalaga ng kalikasan.
- _____ 5. Ang pagtatanim ng puno at halaman ay isang hakbang upang mapangalagaan ang kalikasan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Lagyan ng tsek (✓) kung tama ang nasa larawan at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Isulat sa loob ng puso ang mga paraan na ginagawa mo upang mapangalagaan ang kalikasan. Gawin ito sa sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa isang sagutang papel ang likas na yaman na dapat pinangangalagaan ng mga mamamayan.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Pillin sa loob ng kahon ang salitang tutugma sa mga patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang _____ ay nagbibigay sa atin ng maraming _____. Kaya naman, gawin natin ang lahat ng ating _____ upang ang kapaligiran ay ating _____.

biyaya

kalikasan

mapangalagaan

makakaya



Tayong lahat ay may tungkuling _____ ang kapaligiran. Bilang isang mag-aaral, ikaw ay inaasahang tutupad sa mga paraan na iyong natutuhan upang ang ating _____ ay mapangalagaan.

Ang mga Namamahala sa Aming Komunidad

Aralin

WEEK
5



Mahalagang malaman natin kung sino-sino ang mga namumuno sa ating komunidad at gayon na rin ang mga tungkulin na kanilang ginagampanan. Sa aralin na ito, matututuhan mo ang ibig sabihin ng salitang pinuno at namumuno. Mapag-aaralan mo rin ang kahalagahan ng pamahalaan.



Ang pamumuno ay isang pambihirang karapatan at mahalagang katungkulan. Ang pinuno ang nangunguna at nangangasiwa sa gawaing itinakda ng isang pangkat, samahan, o kalipunan ng mga tao.

Ang kaunlaran at katahimikan ng isang komunidad ay nakabatay sa uri ng pinuno. Kinakailangang magpakita siya ng magandang halimbawa na maaring tularan. Matiwasay o masalimuot man ang nangyayari sa komunidad, ito ay nakasalalay sa pamamahala ng isang pinuno.

Ang isang barangay ay pinamumunuan ng kapitan at ng kaniyang mga kagawad. Ang punong tanggapan ng kapitan at ng kaniyang mga kagawad ay ang **barangay hall**.

Nakapaloob naman ang barangay sa isang bayan o lungsod. Ang mga namamahala sa bayan o lungsod ay tinatawag na “lokal na pamahalaan”. Ito ay pinamumunuan ng Alkalde o **Mayor**, Bise-alkalde o **Vice-mayor**, at mga konsehal. Nakikipagtulungan ang mga pinuno ng bawat barangay sa mga pinuno ng lokal na pamahalaan sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Ang punong tanggapan ng mga pinuno ng lokal na pamahalaan ay ang munisipyo o **City hall**.

May iba pang namumuno sa komunidad na hindi bahagi ng pamahalaan. Sila ang punong tagapangasiwa ng iba pang mga pook sa komunidad. Ang ilan sa kanila ay ang pinuno ng pook- dalanginan, tulad ng pari, imam, at pastor; punong guro na pinuno ng paaralan; at hepe ng pulis na pinuno ng kapulisan ng pamahalaan. Sa ating mga tahanan ang namumuno dito ay ang ating ama at ina.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Piliin sa kahon ang tamang sagot. Tukuyin kung sinong pinuno ang tinutukoy ng mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Konsehal	Hepe	Punongguro	Kapitan	Kagawad
----------	------	------------	---------	---------

- _____ 1. Sila ang katulong ng kapitan sa pamumuno sa barangay.
- _____ 2. Siya ang pinuno ng kapulisan ng komunidad.
- _____ 3. Siya ang punong nangangalaga sa barangay.
- _____ 4. Siya ang pinuno ng paaralan.
- _____ 5. Sila ang katulong ng alkalde at bise-alkalde sa pamumuno ng lokal na pamahalaan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sila ang namumuno sa inyong tahanan.

- A. Kapitan B. Ama at ina C. Guro D. Konsehal

2. Sila ang namumuno sa mga pook-dalanginan.

- A. Alkalde at bise-alkalde C. Pari, Imam, Pastor
B. Punongguro D. Kagawad

3. Sila ang namumuno sa lokal na pamahalaan.

- A. Kapitan C. Hepe
B. Alkalde at bise-alkalde D. Kagawad


4. Siya ang namumuno sa ospital

- A. Doktor C. Presidente at bise-presidente
B. Hepe D. Konsehal

5. Sila ang pinuno ng isang bansa

- A. Doktor C. Hepe
B. Presidente at bise-presidente D. Alkalde at bise-alkalde

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Isulat sa loob ng kahon ang mga namumuno sa isang barangay. Isulat naman sa tatsulok ang mga namumuno sa isang bayan o lungsod. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang miyembro ng inyong pamilya, isulat sa patlang ang mga hinihinging impormasyon sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang kapitan sa aming barangay ay si _____. Siya ay namuno sa aming barangay mula noong _____. Ang kaniyang mga kagawad ay sina _____, _____, _____, _____, _____, _____, _____.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Isulat sa loob ng kahon ang iba pang namumuno sa inyong komunidad na hindi bahagi ng pamahalaan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



A

Ang pamumuno ay isang mahalagang katungkulan. Ang pinuno ng bawat komunidad ang nagsisilbing daan sa kaayusan at pag-unlad ng komunidad na kanyang nasasakupan.

Ang mga Tungkulin ng mga Namamahala sa Aming Komunidad


WEEK
6




Aralin

Sa aralin na ito, malalaman mo ang mga tungkulin ng lokal na pamahalaan sa ating komunidad.

KAPITAN



KAGAWAD



Ang kapitan at ang mga kagawad ang nangunguna at nangangasiwa sa mga gawain para sa kapakinabangan ng kanilang barangay. Ilan sa mga tungkulin ng kapitan at mga kagawad ay ang sumusunod:

- Pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan upang mapanatili ang kalinisan, katahimikan, at kaligtasan sa komunidad;
- Katuwang ang kanilang mga barangay tanod, tinitiyak rin ng mga pinuno ng barangay na maayos at ligtas ang komunidad;
- Pag-aayos sa mga suliranin ng mga magkakapitbahay; at
- Sa panahon ng kagipitan at kalamidad sumasaklolo ang mga pinuno ng barangay.

Ang mga pinuno naman ng lokal na pamahalaan ay may sarili ring tungkulin, ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- Pangalagaan at paunlarin ang kanilang nasasakupang bayan o lungsod;
- Pagpapatupad ng mga ordinansa o batas na kalimitang nakatuon sa pagtitiyak ng kalinisan, kaligtasan, at kaunlaran ng lahat ng kasapi ng komunidad;

- Nakikipag-ugnayan din ang lokal na pamahalaan sa lokal na kapulisan at mga bumbero upang masiguro ang kapayapaan at kaligtasan ng lahat ng mamamayan sa kanilang nasasakupang bayan o lungsod; at
- Tinitiyak ang pangangalaga at pagpapaunlad ng mga likas na yaman na pinagmumulan ng kabuhayan ng mga mamamayan.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay tama at MALI naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

____ 1. Ang mga mamamayan ng barangay ang nangunguna at nangangasiwa sa mga gawain para sa kapakinabangan ng kanilang barangay.

____ 2. Ang kapitan at mga kagawad ay may tungkulin na mapanatili ang kalinisan, katahimikan, at kaligtasan sa komunidad.

____ 3. Tuwing may kalamidad o sakuna, ang kapitan at kagawad ay sumasaklolo sa kanilang mga mamamayan.

____ 4. Ang pag-aayos sa mga suliranin ng mga magkakapitbahay ay tungkulin ng mga pinuno ng barangay.

____ 5. Ang pakikipagtulungan ng mamayan ay kailangan upang maging matagumpay ang mga proyekto ng komunidad.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Iguhit ang tsek (✓) kung ang pahayag ay tama, at ekis (x) naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

____ 1. Tungkulin ng mga pinuno ng lokal na pamahalaan na pangalagaan at paunlarin ang kanilang nasasakupang bayan o lungsod.





____ 2. Hindi dapat sumunod ang mga mamamayan sa mga batas at ordinansa na pinapatupad ng lokal na pamahalaan.

____ 3. Tinitiyak ng mga namumuno sa lokal na pamahalaan ang pangangalaga at pagpapaunlad sa mga likas na yaman na pinagmumulan ng kabuhayan ng mga mamamayan.

____ 4. Tungkulin ng mga pinuno ng lokal na pamahalaan na makipag-ugnayan sa mga pinuno ng mga barangay na kanilang nasasakupan.

____ 5. Hindi nakikipag-ugnayan ang lokal na pamahalaan sa lokal na kapulisan at bumbero upang masiguro ang kapayapaan at kaligtasan ng mga mamamayan sa kanilang nasasakupan.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Iguhit ang ☺ kung tama ang nasa larawan at ☹ kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kapanayamin ang iyong magulang o nakatatandang miyembro ng inyong pamilya. Tanungin at ipakuwento ang tungkol sa isang aktibidad ng inyong komunidad na kinalahokan ng inyong pamilya. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gamit ang iyong lapis, iguhit sa isang malinis na papel ang larawan ng iyong pamilya habang nakikilahok sa isang aktibidad ng inyong komunidad. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A

Punan ang patlang ng wastong salita/konsepto upang mabuo ang diwa ng pangungusap tungkol sa aralin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang mga _____ ng barangay at lokal na pamahalaan ay may mga _____ na dapat gampanan. Ang mga mamamayan naman ay inaasahang _____ sa mga proyekto ng komunidad upang ang mga ito ay mapagtagumpayan. Bilang miyembro ng isang komunidad, kailangan nating _____ ang mga aktibidad at ordenansa ng ating mga pinuno upang mapanatili ang kalinisan, katahimikan, at kaligtasan sa ating komunidad.

makikilahok

tungkulin

pinuno

suportahan

Ang mga Katangian ng Mabuting Pinuno



Aralin

Sa aralin na ito, matututuhan mo ang mga katangian ng isang mabuting pinuno. Malalaman mo rin ang epekto ng isang mabuting pinuno sa isang komunidad.

Ang bawat pinuno ng komunidad ay inihahalal o pinipili ng mga mamamayang 18 taong gulang pataas tuwing halalan. Ang halalan para sa mga pinuno ng lokal na pamahalaan ay ginagawa tuwing Mayo kada ikatlong taon. Ang halalan naman ng mga pinuno ng barangay ay ginagawa tuwing Oktubre kada ikatlong taon.



Malaki ang papel na ginagampanan ng mga pinuno sa isang komunidad. Kaya naman kailangang ihalal ng mga mamamayan nito ang taong may mga katangian ng isang mabuting pinuno. Ang ilan sa mga katangian ng isang mabuting pinuno ay ang sumusunod:

- responsable;
- may disiplina sa sarili;
- naninindigan sa katotohanan;

- huwaran at modelo ng mabuting gawa;
- walang kinikilingan sa pagpapatupad ng batas;
- inuuna ang kapakanan ng mga tao sa komunidad; at
- mapagpakumbaba at matapat.

Ang bawat mamamayan ng komunidad ay may tungkulin upang siguraduhing maayos ang pagpili ng mga pinuno. Kapag maayos ang pagpili sa mga pinuno ng bayan, kalimitang maayos ang nagiging epekto nito sa komunidad. Kapag ang pinuno ay matapat, maparaan, matalino, at mahusay, natutugunan nang mas maayos ang mga pangangailangan ng komunidad. Kapag maayos na natutugunan ang mga ito, nagiging malinis, mapayapa, tahimik, maunlad ang komunidad.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat sa patlang ang tsek(✓) kung ang pahayag ay tama, at ekis (x) naman kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Ang pagpili sa isang mabuting pinuno ng komunidad ay tungkulin ng bawat mamamayan.

_____ 2. Ang pagkakaroon ng mabuting pinuno ay may masamang epekto sa komunidad.

_____ 3. Ang bawat mamamayan 18 pababa ay maaaring bumoto sa halalan.

_____ 4. Ang mga pinuno ng komunidad ay dapat reponsable, masipag, at mapagkakatiwalaan.

_____ 5. Ang mga pinuno ng komunidad ay may malaking tungkulin sa pagpapaunlad ng kanilang komunidad.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Piliin sa loob ng kahon ang mga katangian ng isang mabuting pinuno at isulat ito sa Hanay A. Isulat naman sa Hanay B ang mga katangian ng hindi mabuting pinuno. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mabuting huwaran
Makapagkakatiwalaan
Matalino at maparaan
Naninindigan sa katotohanan
Inuuna ang sariling kapakanan
Ginagamit ang posisyon sa pansariling interes
May disiplina
Tamad

Hanay A

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.


Hanay B

- 1.
- 2.
- 3.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Itanong sa iyong magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya ang mgaproseso at kaganapan na nangyayari sa isang halalan. Isulat sa iyong sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya, kopyahin ang hugis bituin sa ibaba . Isulat sa loob nito ang mga katangian ng inyong kapitan sa inyong barangay. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Piliin sa loob ng kahon ang tamang salita na tutugma sa patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

responsabilidad	namumuno	Mabuting pinuno
makikibahagi	kaayusan, katahimikan, at kaunlaran	

Lahat tayo ay may _____ na seguraduhing mabuti ang mga _____ sa komunidad. Nagsisimula ito sa pagpili ng _____. Kung hindi tayo _____ sa pagpili ng maayos na mamumuno sa ating komunidad, maaaring hindi natin makamit ang nais nating _____, _____, at _____.



Malaki ang bahaging ginagampanan ng isang _____ sa pagpapabuti ng pamumuhay sa komunidad. Kung hindi maayos ang pamumuno, maaaring _____ ang mga tao sa isang komunidad. Kaya naman, mahalaga ang tungkulin ng bawat mamamayan sa pagpili ng mabuting pinuno upang ang _____, _____, at _____ sa ating komunidad ay makamtan.

Malaki ang bahaging ginagampanan ng isang pinuno sa pagpapabuti ng pamumuhay sa komunidad. Kung hindi maayos ang pamumuno, maaaring magkawatak-watak ang mga tao sa isang komunidad. Kaya naman, mahalaga ang tungkulin ng bawat mamamayan sa pagpili ng mabuting pinuno upang ang kaunlaran, katahimikan, at kaligtasan sa ating komunidad ay makamtan.

Ang mga Namumuno at mga Mamamayang Nag-aambag sa Kaunlaran ng Aming Komunidad

Aralin

I

Ang bawat isang mamamayan ay may responsabilidad na dapat gampanan na makatutulong sa pagpapaunlad ng kani-kanilang komunidad. Sa aralin na ito, makikilala mo ang mga taong tumutulong sa komunidad sa iba't—ibang pamamaraan.



Ang paglilingkod ay pagbibigay ng serbisyo o pagtugon sa mga pangangailangan ng tao. Ang pamahalaan ang pangunahing tagapagbigay-serbisyo sa mamamayan. May mga iba't—ibang ahensiya o tanggapan ang pamahalaan na tumutugon sa iba't—ibang paglilingkod na kailangan ng tao. Halimbawa nito ay ang Department of Education o DepEd na namamahala sa pagbibigay- edukasyon sa komunidad;

May iba't ibang tanggapan ang lokal pamahalaan na matatagpuan sa mga barangay o bayan. May mga kawani naman ang munisipyo na nagbibigay-serbisyo sa mga mamamayan. Kabilang sa mga ito ang pag-aasikaso sa mahahalagang dokumento na kailangan ng mga mamamayan. Regular din ang pangongolekta ng basura upang mapanatili ang kalinisan at makaiwas sa sakit ang komunidad.

Tungkulin din ng munisipyo ang pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan. Ang mga pulis naman ang nagpapanatili ng katahimikan at kaayusan sa komunidad. Ang mga bumbero naman ang tumutulong kung may sunog o sakuna sa komunidad.

Bukod sa pamahalaan, may mga ordinaryong mamamayan at pribadong samahan din na naglilingkod sa mga mamamayan nang walang bayad. Ito ay karaniwang tinatawag na **non-governmental** organization o NGO. Ang mga ito ay nagbibigay tulong tulad ng:

- Pagbibigay-kaalaman sa mga magsasaka sa pagtatanim;
- Tumutulong sa pangangalaga ng kalikasan; at
- Pagbibigay serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon sa malalayong lugar.



Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay tama at MALI naman kung ito ay mali. Isulat ang iyang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Tanging pamahalaan lamang ang naglilingkod sa mga mamamayan ng komunidad.

_____ 2. Ang munisipyo ay nagbibigay ng libreng serbisyong pangkalusugan sa mga **municipal o rural health center**.

_____ 3. May mga non-governmental organization din ang naglilingkod nang walang bayad sa sambayanan.

_____ 4. Ang mga pulis ay katuwang ng lokal na pamahalaan sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan sa komunidad.

_____ 5. Ang mga samahang panrelihiyon ay nagbibigay din ng


Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Tingnan at suriin ang mga larawan. Piliin sa loob ng kahon ang organisasyong tumutulong sa komunidad na nasa larawan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Samahang panrelihiyon

Socio-civic organization


Non-governmental organization

Kooperatiba



E


Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya, isulat sa loob ng bilog ang pangalan ng isang **non-governmental organization** o NGO. Ilista ang serbisyong binibigay nito sa mga mamamayan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



1. _____.
2. _____.
3. _____.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Itanong sa iyong magulang o nakatatandang miyembro ng inyong pamilya, tungkol sa aktibidad ng inyong lokal na pamahalaan na naganap sa inyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Sa tulong ng iyong magulang o nakatatandang miyembro ng inyong pamilya, isulat sa loob ng tatsulok ang mga samahan o organisasyon na nagbibigay serbisyo sa inyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



A

Punan ang patlang ng wastong salita/konsepto upang mabuo ang diwa ng pangungusap tungkol sa aralin.

Ang _____ sa kapwa ay isang mahalagang _____. Ang pagbibigay-serbisyo ng _____ at ng mga samahan o organisasyon ng mga mamamayan na nagbibigay-serbisyo sa mga tao ng walang bayad ay talaga namang nakakamamangha. Ang pagsuporta sa kanilang mga _____ ay isang paraan upang _____ ang mga paglilingkod nila sa komunidad.

tungkulin	pamahalaan	paglilingkod
aktibidad	masuklian	



Susi sa Pagwawasto

Week 1				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay batay sa ka-gustuhan ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay batay sa pa-nayam ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Yamang-lupa-halaman, alagang kamb-ing, punongkahoy, Yamang tubig-kabibe, beach, Yamang Tao-sapatero, pulis, guro, obogado	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Pagkatuto 1.YL 4.YT 2.YT 5.YL 3.YL
Week 2				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1. Deforestation 2. Desertification 3. Polusyon sa hangin 4. Problema sa basura 5. Polusyon sa tubig	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Pagkatuto 1. O 4. O 2. 5. 3.
Week 3				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1. C 2. A 3. B 4. D 5. E	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1. 4. 2. 5. 3.	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Pagkatuto 1.Mali 4.Tama 2.Tama 5. Tama 3.Mali
Week 4				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Kalikasan Biyaya Makakaya Mapangalagaan	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay batay sa kala-man ng mag-aaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1.x 4./ 2./ 5.x 3./	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Pagkatuto 1.Tama 4.Mali 2.Tama 5. Tama 3.Tama

Week 5				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1.B 2.C 3.B 4.A 5.B	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1. Kagawad 2. Hepe 3. Kapitan 4. Punong guro 5. Konsehal
Week 6				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: 1. ☹ 2. ☹ 3. ☹ 4. ☹ 5. ☹	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: 1./ 4./ 2.x 5.x 3./	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.Mali 4.Tama 2.Tama 5. Tama 3.Tama
Week 7				
Gawain sa Pagkatuto to Bilang 5: 1. Responsibilidad 2. Namumuno 3. Mabuting pinuno 4. Makikibahagi 5. Kaayusan, katatagan, at kaunlaran	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Hanay A – Mabuting hugaran, may disiplinang sarili, mapagkakataon, narinig ang katohanan, mapagkakataon, matalino at mapagpansorling interes, tamad	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1./ 4./ 2.x 5./ 3.x
Week 8				
Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Ang sagot ay base sa natutuhan ng magaaral	Gawain sa Pagkatuto to Bilang 2: 1. Non-governmental organization 2. Kooperatiba 3. Samahang panrelihiyon 4. Socio-civic organization	Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: 1.Mali 4.Tama 2.Tama 5. Tama 3.Tama

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	
Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.



Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Salud, G. P. & Dela Cruz, E. (2017). *Prototype Lesson Plan Grade 6*. Lipa City: Department of Education-SDO Lipa City.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

